



ANG MISYON NG PAMAYANANG LAYKONG MARIANISTA

1. TAYONG LAHAT AY MGA MISYONARYO

- 1.1. Ang aming mga tagapagtaguyod, Padre William Joseph Chaminade at Mother Adele de Trenquelleon, sa pamamagitan ng pamilyang marianista, ay nag-aalay sa atin ngayon ng isang espirtualidad ayon sa misteryo ni Hesukristo, anak ng Diyos na naging anak ni Maria alang-alang sa kaligtasan ng sangkatauhan.
- 1.2. Tulad ni Maria, kami ay tinawag galing sa simbahan upang si Kristo'y maisabuhay sa mundo. Ito ang kahulugan ng aming pagiging kasapi sa Pamayanang laykong Marianista, at ito ay aming ginusto o ginawang kusa.
- 1.3. Naririto sa mundo, nakikiisa kay Kristo sa pamamagitan ng pagkakaisa kay Maria, at pinalakas sa kapangyarihan ng espiritu, kami ay nagpupunyagi upang maitayo ang Kaharian ng Panginoon.
- 1.4. Ang aming personal na buhay o buhay sa pamayanan ang nagsisilbing aming tugon sa pagpapalaganap sa Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng pagsisilbi sa misyon ng simbahan sa sanlibutan. Nais naming makiisa sa lahat ng mga ginagawa ng mga misyonaryo sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo at pagbabago ng isang mundong mapagbigay, malaya at may paninindigan.

2. BUHAY SA MUNDO

- 2.1. Para sa amin, ang pagiging buhay sa mundo ay nangangahulugang makialam, magmahal, at magbago sa pamamagitan ng puso at lakas ni Hesukristo.
- 2.2. Kinikilala naming ang anumang bagay na mabuti sa kasaysayan ng sangkatauhan at isantabi ang anumang bagay na tumutulong sa opresyon, pagiging bayolente, at kawalan ng hustisya.
- 2.3. “Nakasukob sa pagmamahal ng ating Tagapagligtas at haplos ng pagmamahal ni Maria”, kami ay nakikiisa sa kaligayahan at pagdurusang, sa pag-asa at pagkabahala ng sanlibutan.
- 2.4. Ang espirtualidad ay tumutulong sa amin upang gumawa at magbigay ng makatotohanan at epektibong tugon sa mga nangyayari sa mundo sa pamamagitan ng pagbabago sa napakaraming aspeto ng ating buhay; personal, sa pamilya, sa trabaho, sa pamayanan, sa paaralan, political, sa ekonomiya, sa kultura at sa simbahan.



3. PAGIGING ISA KASAMA NI KRISTO

- 3.1. Bilang mga nabinyagan, ang sentro na aming buhay ay ang pagsunod kay Kristo at ang aming pagsang-ayon sa Kanya sa pamamagitan ng simbahan, Samakatuwid, si Kristo ang pinanggalingan at pundasyon ng aming misyon.
- 3.2. Upang maging totoo, mapagbigay at tapat sa aming misyon, kinakailangan na kami ay maging babae at lalake'ng "matatag ang pananampalataya, may pag-asa at mapagmahal" Ang lakas na ito ay aming hinuhugot sa pagdarasal, pormasyon, personal o pangpamayanang desisyon, pagbigay sa sarili, at sa buhay ng isang pamayanan.
- 3.3. Gumagabay ang pagmamahal ni Kristo sa amin, halintulad sa mga naunang Kristiyano, bumuo ng mga pamayanang si Kristo ang sentro. Ang aming Pamayanan ay isang simbolo ng pagmamahal ni Kristo sa mundo at kami'y kanyang inihahanda, ipinadala, iniinganyo, nililinis, pinapagawa, at ginagabayan sa aming misyon.

4. SA PAKIKIPAG-TULUNGAN KAY MARIA

- 4.1. Kinikilala namin ang misyon ni Maria sa kasaysayan ng kaligtasan. Kay Maria, ipinapakita sa atin ng Panginoon ang daan upang maging buhay sa mundo. Sensitibo sa mga pangangailangan ng sangkatauhan, nais naming maisakatuparan ang kanyang hiling: "Gawin mo kung ano man ang Kanyang sinabi." (Jn 2;5)
- 4.2. Ang aming misyon ay ayon sa ugali ni Maria sa pakikinig sa Salita ng Diyos, pagiging bukas sa Espiritu ng Panginoon na siyang gumagabay sa amin sa paggawa, handa anumang oras sa nais ng Panginoon, simple at walang bahid. Isa sa kanya sa, nais naming maging mga saksi sa mundo sa pagmamahal ng Diyos sa mga mahihirap.
- 4.3. Ang pagbibigay ng buong sarili kay Maria sa pamamagitan ng Pamilyang Marianista, ang nagsisilbing saksi ng aming kabuoan, sa pakikipagkaisa sa kanya, upang maging buhay si Kristo sa mundo.

5. MGA SAKSI NG EBANGHELYO

- 5.1. Kami ay nangangaral sa pamagitan ng aming buhay na nagbibigay ng halimbawa sa isang pananampalatayang isinasabuhay ng ebanghelyo. Kami ay namumuhay sa isang permanente o habangbuhay na misyon.
- 5.2. Ang komunidad ay tumutulong sa mga myembro nito upang makapag-isip at maisaayos ang kanilang personal na misyon.
- 5.3. Samakatuwid ang pagiging saksi sa buhay ng isang pamayanan ay isang grasya o oportunidad sa pagiging isang misyonaryong Marianista.



5.4. Ang laykong pamayanang Marianista ay mga misyonaryo. Bawat pamayanan ay nagbibigay lakas sa bawat kasapi nito, ibang mga laykong pamayanan, sa simbahan, at sa mundo upang mamuhay sa isang makamisyong buhay.

6. IPINADALA UPANG IPAHAAYAG ANG EBANGHELYO

- 6.1. Kinakailangang makahanap ang aming bokasyon, alinsunod sa mga pagbabago ng panahon, ng isang inspirasyon upang maibigay ang aming oras, talento, buong lakas at mga gawain na tumutulong sa pagpapalaganap ng hustisya at kapayapaan. Naniniwala kami na upang maisabuhay ang ebanghelyo, hindi natin maisasantabi ang mga kadalasa'y salungat at di makataong realidad ng ating mundo.
- 6.2. Kami ay bukas, bilang mga tagapagtaguyod o tumutulong, sa lahat ng mga gawaing misyonaryo. Ang aming nais ay maibibahagi an gaming pananampalataya sa kabataan at sa mga naghihikahos.
- 6.3. Gumagawa'ng magkasabay ang laykong pamayanan ng Marianista sa ibang sangay ng pamilyang Marianista upang maisagawa ang aming misyon. Ang aming diwa ng isang pamilya at ang aming pakikipagtulungan sa mga layko at relihiyoso, sa gabay ni Maria, ay ang aming kontribusyon sa simbahan at sa mundo.
- 6.4. Kami ay sumusuporta sa gawain ng World council of Marianist Family lalo na sa pagsusumikap nitong maging isa ang lahat ng Marianista sa iisang Bokasyon.



• Document ratified by the General Assembly at the Second International Meeting of the Marianist Lay Communities which took place in August 1997 in Liria, Spain.